# Tangkeng Puno

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Hunyo 4, 2022

Ang Linggo ng Pentecostes ay kaarawan ng simbahan. Ito ay pagdiriwang ng Banal na Espiritu na bumaba sa mga alagad limampung (50) araw pagkatapos mailibing si Hesus (Gawa 2:1-4). Ipinangako ni Hesus sa mga alagad, "Bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo at kayo'y magiging saksi ko"(Gawa 1:8). Iniisip ng ibang tao na ang Espiritu Santo ay parang gasolina ng ating mga sasakyan na ikinakarga mula sa labas. Sa kabilang dako, bilang Kristiyano, ang Banal na Espiritu ay nasa atin na, ngunit kailangan pa nating magpasakop sa Kanya upang makita sa atin ang mga kaugalian ni Hesu-Kristo.

**1. Sino ang Banal na Espiritu?**

1.1. Ang Banal na Espiritu ay ang pangatlong persona ng Banal na Santatlo. Siya ang Espiritu ng Diyos na ipinangako ni Hesus na mananahan sa atin hanggang sa wakas ng panahon. Ang Diyos, na bilang Ama, Anak, at Banal na Espiritu ang nagsimula sa Simbahan.

1.2. Nagsalita ang Diyos sa maraming pagkakataon tungkol sa Banal na Espiritu bilang *Paraclete* - o tinawag na kalakbay Niya. Ayon kay San Pablo para hindi mapagbigyan ang kasiyahan sa tawag ng laman, kailangan kalakbay natin ang ating tagapamagitan.

1.3. Ang Banal na Espiritu ay ating mang-aaliw, taga-payo, tagapamagitan, at mananatili sa atin magpakailanman (Juan 14:26). Siya ang Espiritu ng katotohanan at nananahan Siya sa atin. Nalulumbay ang Diyos kung hindi natin Siya sinusunod.

**2. Ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu?**

**2.1. Binibigyan tayo ng tapang**. Noong ipinatong ni Ananias ang kanyang kamay kay Saul, nagkaroon siya ng paningin at napuspos siya ng Banal na Espiritu (Gawa 9:17-20). Ang pagpapatong ng kamay ay napakahalaga; ang Banal na Espiritu ang gagalaw upang mapagaling ang bawat isa.

**2.2. Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa atin ng kakayahan upang magturo, mangaral, at manghula** (Gawa 13:9-12). Ang 3,000 katao na nakarinig sa unang pagtuturo ni Pedro ay nagpabinyag at tinanggap si Hesus.

**2.3. Ang Banal na Espiritu ang personal na nagbahagi sa atin ng buhay ni Hesus** (2 Tim.3). Siya ang gumagabay, at nagtuturo sa atin kung ano ang dapat nating malaman at gawin. Pinapaalala Niya ang mga narinig natin mula pa sa umpisa.

**2.4. Ang Banal na Espiritu ang nagpahayag sa atin ang tungkol kay Hesukristo** (Gal. 5:22). Ang gawi ni Hesus ay nasasalamin sa atin: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan. Kailangan tayo para magpatotoo na walang imposible sa Kanya. Tungkulin Niya tayong baguhin, kung gusto natin magbago.

**2.5. Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng karunungan at kaalaman.** Nakabantay Siya lagi sa atin. Tuwing may ipinapahayag Siya sa atin, sumisigla ang ating espiritu.

**3. Bakit tayo nagiging lupaypay gayong lagi tayong pinapanariwa ng Banal na Espiritu?**

3.1. Nakakaramdam ba tayo ng panlulupaypay, pagkabagabag, o walang kapangyarihan? Tinitiyak ni Hesus ang presenya ng Banal na Espiritu, at mababago ang ating lakas (Isa.40:30).

3.2. Dapat sumunod at makisama tayo. Walang gagawin ritwal; walang ibang lugar na pupuntahan. Makisama lang sa Banal na Espiritu at makinig sa Kanyang mga pahiwatig.

3.3. Payagan natin Siyang maghari sa ating buhay. Tinutulungan tayo ng Espiritu sa ating kahinaan at Siya rin ang lumuluhog para sa atin ayon sa kalooban ng Diyos (Rom. 8:26-27).

**Konklusyon:**

Kailangan nating ihayag ang Banal na Espiritu at hayaan nating ibalik Niya ang lahat. Hilingin natin sa Kanya na pag-alabin Niya tayo sa Kanyang pag-ibig. Kailangan nating mapuspos nang tuloy-tuloy para magkaroon ng bago at masaganang buhay.

**Pagninilay:**

Ano ang umaagaw sa Banal na Espiritu sa pagkontrol ng iyong buhay? Ano ang gagawin mo upang ihandog ang iyong buhay sa Kanya?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Banal na Espiritu